# Seguridad ng bahay

Karaniwang may mga pangyayari na laging nagaganap bago manakawan ang isang bahay. Ang isang magnanakaw ay kadalasang tumutugon sa madali o nang-aakit na mga pagkakataon, lalo na kapag malinaw na walang tao sa bahay o kaunti lang ang panganib na mahuli.



**Kung may kasalukuyang krimen na nangyayari, tawagan ang Tripleng Zero (000).**

**Kung hindi naman, isaisip ang Policelink 131 444**
**o mag-report online**
**o sa pamamagitan ng Policelink app.**

**Hanapin kami sa**

**www.police.qld.gov.au**

Para sa mga balita at mga abiso mag-sign up (sumali) sa **myPolice.qld.gov.au**

**/queenslandpolice**

**@qldpolice**

**@qldpolice**

Lisensya ng URL: http://creativecommons.org/licenses/by/4.0/legalcode
Mangyaring magbigay ng atribusyon sa: © Estado ng Queensland (Serbisyo ng Pulisya ng Queensland) 2019

## Ang magagawa mo

- Tiyakin na ang mga pinto ay laging nakasusi kahit pa ikaw ay nasa bahay.
- Tiyakin na lahat ng mga panlabas na pinto, kasama na ang iyong garahe, ang iyong bahay ay matatag at nalagyan ng de-kalidad na mga deadlock.
- Pag-isipang magpalagay ng mga pintong pang-seguridad na may iskrin na dinisenyo at ikinabit ayon sa mga Pamantayan ng Australya.
- Magpalagay ng viewer sa pinto na nagbibigay-daan sa iyo upang makita muna kung sino ang nasa pinto bago mo buksan ito.
- Lagyan ang iyong mga bintana ng mga secure na kandado na tumutugon sa mga Pamantayan ng Australya at huwag kailanman iiwan ang mga susi sa kandado ng bintana.
- Tiyaking maayos na ikinabit ang mga grill at shutter na pang-seguridad at lagyan ng labasan kung may emerhensiya.
- Pag-isipang magpakabit ng alarma para sa manghihimasok (intruder alarm system) at pangseguridad na kamera (security camera) na saklaw lahat ng mga panlabas na pinto, bintana at garahe. Tiyaking ikinabit ang sistema ayon sa mga Pamantayan ng Australya para sa mga panggagamitang pambahay.
- Laging tiyakin na ang mga susi ng kotse at mga susi sa bahay, pati ang mga mobile phone, handbag at wallet, ay nakatabi sa lugar na hindi madaling makita.
- Tiyakin na ang mga puno at palumpong ay natabasan upang matanaw ang iyong propyedad at ang numero ng iyong bahay ay malinaw na mababasa.
- Ikandado ang mga mamahaling bagay tulad ng mga bisikleta, mga lawn mower at mga kagamitan sa hardin tulad ng mga ladder. Panatilihing laging nakasara ang iyong garahe o pinto sa shed at nakasusi.
- Pag-isipang magpakabit ng perimeter na ilawang pang-seguridad na may kasamang mga sensor na ilaw.
- Sumali sa Neighborhood Watch Group sa inyong lugar sa www.nhwq.org.
- Magkaroon ng plano sa paglikas kung may emerhensiya (emergency evacuation plan) at regular itong repasuhin.

## Bawasan ang panganib na may manghimasok sa iyong bahay

Ang mga bahay na may mga bintana o pinto na naiwang bukas o walang seguridad ay mas malamang na makaakit ng magnanakaw. Gayundin ang mga kurtina na nakapinid sa araw at ang mga liham na hinayaang maipon ay nagpapahiwatig na wala ka sa bahay at madaragdagan ang panganib na ikaw ay panghimasukan.

Ang mga magnanakaw ay madalas na naghahanap ng cash o credit card, maliliit na mamahaling bagay at elektronikong mga bagay na madaling ibenta para magkapera.

Tinatarget din ng mga magnanakaw ang mga susi ng kotse na naiwan at nakikita. Laging tiyakin na ang iyong sasakyan at mga susi ng bahay ay nakatabi nang mabuti at nakatago sa paningin at kung sakaling sila ay nanakaw, palitan ang mga kandado o kaagad muling i-program ang seguridad na hindi ginagamitan ng susi (keyless security) dahil maaaring magbalik ang mga magnanakaw matapos ang kanilang unang panghihimasok kung mayroon na silang mga susi.

Queensland
Government